**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 16, 161-173




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Ang bisa ng Strategic Intervention Material (SIM) sa pagkatuto ng Filipino 9

Duran, Maria Rina D. ✉
*Bais City National High School, Philippines (maria.duran004@deped.gov.ph)*
Eliaga, Catherine T.
*Negros Oriental State University, Philippines (catherine.eliaga@norsu.edu.ph)*

**Received**: 19 September 2024 **Revised**: 15 October 2024 **Accepted**: 20 October 2024
**Available Online**: 20 October 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24838

***Abstract***

The purpose of this study is to determine the effectiveness of using Strategic Intervention Material (SIM) in the learning of students in Filipino 9 during the COVID-19 pandemic in one of the High School of Bais City, Philippines. This study covers one hundred (100) respondents from four sections in Filipino 9 in the Second Quarter. Each section selected consists of twenty-five (25) respondents. They were given a pre-test before the lessons began. The results were then analyzed to identify the least mastered competency, which served as the basis for creating the Strategic Intervention Material. The study used a one group pre-test-post-test design. The study revealed a significant difference in the academic performance levels of the respondents obtained from the unified standardized pre-test and post-test design. The use of SIM was effective as there was an increase in results from the assessment of the four groups with a Mean Percentage Score of 74.23% to 84.69%. The outcome of the study served as a basis for implementing an intervention that suggests an action plan in the program using the Strategic Intervention Material in Filipino 9.

***Keywords:*** Strategic Intervention Material (SIM), academic performance, least mastered competency, instructional material, COVID-19

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Ang bisa ng Strategic Intervention Material (SIM) sa pagkatuto ng Filipino 9

## 1. Introduksiyon

Sa panahon ng COVID 19 na pandemya sa Pilipinas, hindi tumitigil ang mga guro na maisakatuparan ang napapaloob sa DepEd Order No. 39 s. 2012 upang matugunan ang mga kakulangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ay nakiisa at nangangako na patuloy ang paghahatid ng abot-kaya, dekalidad, mapagpalaya at ligtas na pangunahing serbisyo sa edukasyon sa panahon ng 'bagong normal'. Ayon sa DepEd Memorandum 117, serye 2005, nakasaad dito na ang *Strategic Intervention Materials (SIM)* ay mga kagamitang iniatas ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) para mapataas ang performans ng mga mag-aaral kasama na ang asignaturang Filipino. Isa ito sa mga istratehiya na mandato ng DepEd na gamitin ang SIM sa klase. Ito ay mga kagamitang makatutulong bilang suplementong sanggunian sa panahon ng pandemya, na sinulat ng mga lokal na mga guro na nakauunawa sa tiyak na mga pangangailangan at konteksto ng mga estudyante (Gregorio, 2024). Dagdag pa na ang SIM ay suplementong pagkatutong kagamitan. Suplementong kagamitan na tumutulong na mahikayat ang mga mag-aaral na matuto (Dodd, 2015) sa pamamagitan ng pagbuo ng interes sa kanilang pagkatuto at mahikayat na gamitin ang wika sa klase. Paliwanag pa ni Dacumos (2016) na ang mga SIM ay nagbibigay ng kinakailangang suporta sa mga mag-aaral upang umunlad sa kanilang iba't ibang asignatura.

Isa sa mga pinakamahalagang bahagi ng pagkatuto ay epektibong pagtuturo. Maraming pag-aaral ang nagbigay tuon sa katangian makakikilala sa matagumpay na pagtuturo na kung saan makikita sa resulta ng akademikong pagkatuto ng mag-aaral (Dimaiwat, R. J. G. (2022). Sa tulong ng programa ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), mga seminar worksyap, mga patimpalak na pandibisyon, panrehiyonal at maging pangnasyonal sa paggawa ng SIM ay naihanda ang mga guro sa hindi inaasahang kasalukuyang kalagayan sa Sistema ng Edukasyon dulot ng pandemya. Isa sa mga nakikitang solusyon ng Kagawaran ng Edukasyon na makapagpapabuti, magpapataas sa kompetensi at antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga *least mastered* na paksa ay ang paggamit ng SIM. Ito ay isa sa mga kagamitang may layuning pang remidyal. Sa pagtuturo ng Filipino, ito ang isa sa mga pinanghahawakang kagamitan na sang-ayon sa nawika Bunagan (2012) na ang SIM ay para sa muling pagtuturo ng mga konsepto at mga kasanayan (least mastered). Ito rin ay dinisenyo upang tulungan ang mga mag-aaral na nahihirapan na matutuhan ang partikular na konsepto o kasanayan (Gersten et.al, 2019). Dahil dito, makikita na sinisiguro ng DepEd na walang mag-aaral na maiiwan, na ang inklusibong pagkatutong isinusulong ng K to 12 *Basic Education Curriculum*. (Dimaiwat, R. J. G. (2022).

Pinaniniwalaan na ang teorya ni Lev Vygotsky na social development theory ay nagbigay suhestiyon na ang mga mag-aaral ay mas mabilis matuto kung sila ay aktibong nakikisangkot sa proseso ng pagkatuto at kung sila ay may pagkakataon na makipagkolaborasyon sa iba (Vygotsky, 1978). Sa paniniwala rin niya na ang mga mag-aaral ay mas natututo kung sila ay nakagagawang bumuo mula sa kanilang kasalukuyang kaalaman. Sa ganitong kalagayan, nahikayat ang mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral upang mabatid ang bisa ng paggamit ng SIM sa paksang napabilang sa pagtuturo sa Filipino 9 – Panitikang Asyano sa Ikalawang Markahan, Taong Panuruan 2020-2021 sa isa sa Mataas na Paaralan ng Bais City sa panahaon ng COVID-19.

***Mga Suliranin ng Pag-aaral -*** Ang pananaliksik na ito ay naglalayong mabatid ang bisa ng paggamit ng *Strategic Intervention Material* (SIM) sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino 9 – Panitikang Asyano sa Ikalawang Markahan, Taong Panuruan 2020-2021 sa Mataas na Paaralan sa Bais City sa panahon ng COVID-19. Ang mga sumusunod ay ang mga tiyak na suliranin na sinagot sa pag-aaral na ito: (1) Ano ang antas ng akademikong performans ng mga respondente sa unang hanggang ikaapat na pangkat sa Filipino 9 sa Ikalawang Markahan batay sa mga sumusunod: paunang pagsusulit o *pre-test* bago magamit ang SIM at pangwakas na pagsusulit o *post-test* matapos magamit ang SIM; (2) Ano ang antas ng akademikong performans ng mga respondente sa apat na pangkat sa Filipino 9 sa Ikalawang Markahan batay sa mga sumusunod: paunang

pagsusulit o *pre-test* bago magamit ang SIM at pangwakas na pagsusulit o *post-test* matapos magamit ang SIM? (3) May makabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng akademikong performans ng mga respondente sa apat na pangkat sa Filipino 9 sa Ikalawang Markahan batay sa mga sumusunod: paunang pagsusulit o *pre- test* bago magamit ang SIM at pangwakas na pagsusulit o *post-test* matapos magamit ang SIM?

## 2. Metodolohiya

***Disenyo ng Pag-aaral-*** Ang pag-aaaral ay gumamit ng *one group pre-test – post-test design*. Ang *one group pre-test – post-test design* ay isang uri ng disenyo ng pannaliksik na kung saan ang isang grupo ng respondente ay sinukat ang interes at sumasailalim sa interbensyon tritment at muling aalamin ang pagkakaiba ng *pre-test* at *post-test*. Naniniwala na angkop ang ganitong uri ng metodolohiya sapagkat mas napadali ang pagkuha ng mga datos sa maraming tagatugon. Samakatuwid, nakakuha ang mananaliksik ng mas malinaw at maayos na datos mula sa mga respondente. Bago sinimulan ang pag-aaral, ang mananaliksik ay humingi muna ng pahintulot sa Superintendente ng Dibisyon ng Bais, sa Punongguro ng mataas na paaralan, sa mga guro sa Filipino ng nabunot na seksyon sa Baitang 9 at sa mga magulang ng mga mag-aaral na naging respondente. Pagkatapos makuha ang pahintulot mula sa Superintendente, punongguro, mga guro at mga magulang ay ibinigay ang talatanungan (*pre-test*) para sa mga respondente. *Random* ang pagbigay ng kwestyuner sa mga mag-aaral sa nabunot na seksyon. Dalawampu't limang (25) mag-aaral lamang sa bawat seksyon ang binigyan ng *pre-test*, SIM at *post-test*.

Unang Hakbang: Paunang Pagsusulit o *Pre-test*

Ang mga tagapayo sa bawat pangkat na napili ang siyang namahala sa pagbigay ng *pre-test* sa loob ng isang linggo. Matapos nasagutan ang *pre- test* ay kinolekta ng mga guro at isinunod ang pagbigay ng modyul sa bawat linggo para sa Ikalawang Markahan – Mga Akdang Pampanitikan ng Silangang Asya. Ibinigay ang modyul ng mga mag -aaral at ipinadala sa mga magulang ng mga respondente. Ibinalik ang nasagutang *pre-test* pagkatapos ng isang linggo. Iniwasto ng mananaliksik ang paunang pagsusulit at pagkatapos ay natukoy ang pinakamababang kompetensi na hindi naunawaan ng mga respondente. Batay sa resulta, gumawa ng SIM ang mananaliksik, ipinasuri ito sa mga naka *assign* na *QA team* ng Dibisyon ng Bais bago ibinigay sa mga respondente.

Ikalawang Hakbang: Pagbibigay ng Strategic Intervention Material (SIM)

Ang SIM ay ibinigay sa mga respondente pagkatapos matukoy ang *least mastered competency*. Binigyan ng tig-iisang SIM ang mga mag-aaral upang matulungan silang unawain nang lubos ang paksang hindi nila naunawaan. Sinagutan ang lahat na mga gawaing nakapaloob sa SIM.

Ikatlong Hakbang: Pangwakas na Pagsusulit o *Post test*

Para malaman kung naunawaan ba ang paksa, saka binigyan ulit ng talatanungan na siyang nagsilbing pangwakas na pagsusulit o *post-test.* Parehong talatanungan ang ginamit ng mga respondente sa paunang pagsusulit at pangwakas na pagsusulit.

***Respondente -*** Ang kabuoang bilang ng mag-aaral sa Baitang 9 ng Mataas na Paaralan sa Bais City ay pitong daan at dalawampu't pito (727). Kumuha lamang ng isandaang (100) mag-aaral ang mananaliksik. *Simple random sampling* ang paraan sa pagkuha ng mga respondente sa apat na nabunot na pangkat - Mabait, Marangal, Matapat, Maunawain. Binubuo ng tig -dalawampu't limang (25) mag-aaral ang pangkat na ginamit bilang mga respondente.

***Instrumento -*** Upang makuha ang tamang datos, dalawa ang ginamit na instrumento. Una, inihanda ng mananaliksik ang talatanungan (*pre-test – post-test*) na ginamit sa *Unified Division Test*. Sa paghanda ng *pre-test*, kinailangan ang *Table of Specification* (TOS) para masiguro ang kawastuhan ng ginawang pagsusulit. Pagkatapos naisagawa ang *pre- test,* kinuha ang *Mean Percentage Score* (MPS) para tukuyin ang *Least Learned Competency* sa Filipino 9 sa limang paksang nakapaloob sa Ikalawang Markahan. Ang bilang ng aytem sa

talatanungan ay tatlumpu't dalawa (32). Para makapasa, ang isang mag-aaral ay kailangang makakuha ng pitumpo't limang porsiyento (75%) na kabuoang iskor. Ang ikalawang instrumento ay ang *Strategic Intervention Material* (SIM) na nakabatay sa kompetensing may pinamababang porsiyento. Nakatulong ito dahil isa itong kagamitan na tumugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral na nahirapang unawain ang bawat paksa. Pagkatapos ng Ikalawang Markahan, isinagawa ang *post-test* para sukatin kung gaano ka epektibo ang kagamitang SIM.

***Pagpapatibay ng Instrumento-*** Sa pagpapatibay ng instrumentong ginamit, ang talatanungan sa pauna at pangwakas na pagsusulit at ang kagamitang SIM, dumaan ito sa *Quality Assurance Team* ng Dibisyon ng Bais upang maging malinaw, maayos at makatotohanan ang bawat detalye. Ilang beses din itong ipina-edit, pinalitan ang mga dapat palitan bago nakagawa ng isang pinal na talatanungan. Sa tulong ng pagpapatibay na ito, mas nakasiguro ang mananaliksik na masagot ang bawat tanong sa talatanungan ng mga mag-aaral na naging respondente.

## 3. Resulta at Pagtalakay

Ipinakikita sa bahaging ito ang resulta ng isinagawang pag-aaral tungkol sa antas ng akademikong performans ng mga respondente sa Filipino 9 Mga Akdang Pampanitikan ng Silangang Asya sa Ikalawang Markahan ng isa sa Mataas na Paaralan sa Bais City, Pilipinas. Ang talahanayan 1 ay kakikitaan ng mga Antas ng Akademikong Performans ng mga respondente sa unang pangkat sa Filipino 9 sa Ikalawang Markahan batay sa paunang pagsusulit o *pre-test* bago magamit ang SIM at pangwakas na pagsusulit o *post-test* matapos magamit ang SIM.

**Talahanayan 1.1**

*Antas ng Akademikong Performans ng mga Respondente sa Unang Pangkat sa Filipino 9 sa Ikalawang Markahan batay sa Paunang Pagsusulit o Pre-test bago magamit ang SIM*

| Paksa | Average Percentage (%) ng CR | Performans Deskripsyon | Confidence interval at $\alpha = .05$ | Ranggo |
|---|---|---|---|---|
| Ang Tanka at Haiku ng Japan | 70.6 | Paglipat Patungo sa Masteri/ Mababang Istandard (*Moving Toward Mastery/Below Standard*) | (65.70, 75.50) | 2 |
| Ponemang Suprasegmental | 71.1 | Paglipat Patungo sa Masteri/ Mababang Istandard (*Moving Toward Mastery/Below Standard*) | (66.33, 75.87) | 3 |
| Modal | 70.3 | Paglipat Patungo sa Masteri/ Mababang Istandard (*Moving Toward Mastery/Below Standard*) | (65.40, 75.20) | 1 |
| Pabula ng Korea | 76.55 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (71.75, 81.35) | 5 |
| Elemento ng Dula | 75.20 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (70.25, 80.15 | 4 |
| | | Paglipat Patungo sa Masteri (*Moving Toward Mastery/Below Standard*) | | |

Leyenda: CR – Correct Responses, Kulay asul – Pinakamababa, Kulay dalandan - Pinakamataas

Ipinapakita sa talahanayan 1.1 sa paunang pagsusulit, ang unang pangkat ay nakakuha ng mababang antas ng performans sa tatlong paksa sa Filipino 9 sa Ikalawang Markahan. Ang bawat paksa ay sinuri batay sa talahanayan ng ispisipikasyon ng *Department of Education* (DepEd). Ang mga katanungan ay nahahati sa iba't ibang lebel ng kasanayan ayon sa *Blooms Taxonomy*.

Ang unang paksa na Ang Tanka at Haiku ay nakakuha ng 70.6 average *percentage*, sa Ponemang Suprasegmental ay 71.1 *percentage* at 70.3 *percentage* para sa paksang Modal. Parehong nasa Paglipat Patungo sa Masteri/ Mababang Istandard ang kanilang performans deskripsyon. Dalawang paksa naman ang may deskripsyon na Nakatugon sa Istandard, ang Pabula ng Korea na may 76.55 *percentage* at Elemento ng Dula na may 75.20 *percentage score*. Ang pinakamataas na porsyentong nakuha ng mga respondente ay makikita sa paksang may kinalaman sa Pabula ng Korea na may pitumpu't anim punto limampu't limang porsyento

(76.55%). Samantalang ang pinakamababang porsyentong nakuha ng mga respondente ay makikita sa paksang may kinalaman sa Modal na may pitumpu punto tatlong porsyento (70.3%). May 72.75 *overall mean percentage score* ang unang pangkat na may deskripsyon na Paglipat Patungo sa Masteri/ Mababang Istandard o *Moving Toward Mastery/Below Standard).*

**Talahanayan 1.2**

*Antas ng Akademikong Performans ng mga Respondente sa Unang Pangkat sa Filipino 9 sa Ikalawang Markahan batay sa Pangwakas na Pagsusulit o Post-test matapos magamit ang SIM*

| Paksa | Average Percentage (%) ng CR | Performans Deskripsyon | Confidence interval at $\alpha = .05$ | Ranggo | Rekomendasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang Tanka at Haiku ng Japan | 81.63 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (76.71, 86.55) | 2 | Pagpapayaman (*Enrichment*) |
| Ponemang Suprasegmental | 75.0 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (67.10, 79.90) | 1 | Pagpapayaman (*Enrichment*) |
| Modal | 86.35 | Malapit sa Tinatayang Masteri (*Closely Approximating Mastery*) | (81.57, 91.13) | 4 | |
| Pabula ng Korea | 84.6 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (79.75, 89.45) | 3 | Pagpapayaman (*Enrichment*) |
| Elemento ng Dula | 89.5 | Malapit sa Tinatayang Masteri (*Closely Approximating Mastery*) | (84.90, 94.10) | 5 | |
| | | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | | | Pagpapayaman (*Enrichment*) |

| MPS | Deskripsyon | Rekomendasyon |
|---|---|---|
| 96-100 | Bihasa (*Mastered*) | |
| 86-95 | Malapit sa Tinatayang Masteri (*Closely Approximating Mastery*) | |
| 75-85 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | Pagpapayaman (*Enrichment*) |
| 66-74 | Paglipat Patungo sa Masteri (*Moving Toward Mastery/Below Standard*) | Remidyal (*Remediation*) |
| 35-65 | Mababang Istandard (*Low/ Below Standard*) | Masinsinang Remidyal (*Intensive Remediation*) |
| 0-34 | Pinakamababa (*Poor/ Very Low*) | Muling Pagtuturo (*Re-teaching*) |

Makikita sa talahanayan 1.2 pagkatapos ng talakayan sa mga paksa gamit ang SIM, ang mga respondente ay nakakuha ng kabuuang *mean percentage score* na 83.42 na may performans deskripsyon na Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*).

Inihayag din sa unang paksa Ang Tanka at Haiku ay nakakuha ng 81.63 *percentage*, Ang Ponemang Suprasegmental ay 75 *percentage* at 84.6 *percentage score* para sa Pabula ng Korea. Pareho silang Nakatugon sa Istandard sa performans deskripsiyon. Dalawang paksa naman ang napabilang sa performans deskripsyon na Malapit sa Tinatayang Masteri, ang paksang Modal at Elemento ng Dula na may 86.35 at 89.5 *percentage scores*. Ang pinakamataas na porsyentong nakuha ng mga respondente ay makikita sa paksang may kinalaman sa Elemento ng Dula na may walumpu't siyam punto limang porsyento o (89.5%). Samantalang pumapangalawa ang paksang Modal sa pinakamataas na porsyentong nakuha ng mga respondente na may walumpu't animpunto tatlumpu't limang porsyento o (86.35%).

Mayroong makabuluhang performans sa antas ng pagkatuto ang mga respondente pagkatapos magamit ang

kagamitang SIM. Tumaas ang antas ng performans mula 72.75 *overall mean percentage score* na may deskripsyon na Paglipat Patungo sa Masteri/ Mababang Istandard o *Moving Toward Mastery/Below Standard)* sa paunang pagsusulit ay naging 83.42 *overall mean percentage score* na may deskripsyon na Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) ang mga respondente sa unang pangkat sa panapos na pagsusulit o *post-test.* Inilalarawan nito ang kahalagahan ng SIM sa antas ng pagkatuto ng mga respondente.

Ang talahanayan 2 ay kakikitaan ng mga Antas ng Akademikong ng mga respondente sa Ikalawang Pangkat sa Filipino 9 sa Ikalawang Markahan batay sa Paunang pagsusulit o *pre-test* bago magamit ang SIM at pangwakas na pagsusulit o *post-test* matapos magamit ang SIM.

**Talahanayan 2.1**

*Antas ng Akademikong Performans ng mga respondente sa Ikalawang Pangkat sa Filipino 9 sa Ikalawang Markahan batay sa Paunang Pagsusulit o Pre-test bago magamit ang SIM*

| Paksa | Average Percentage (%) ng CR | Performans Deskripsyon | Confidence interval at $\alpha = .05$ | Ranggo |
|---|---|---|---|---|
| Ang Tanka at Haiku ng Japan | 77.35 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (72.75, 81.95) | 5 |
| Ponemang Suprasegmental | 75.5 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (70.85, 80.15) | 2 |
| Modal | 73.4 | Paglipat Patungo sa Masteri (*Moving Toward Mastery/Below Standard*) | (68.50, 78.30) | 1 |
| Pabula ng Korea | 76.55 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (71.68, 81.42) | 4 |
| Elemento ng Dula | 76.20 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (71.43, 80.97) | 3 |
| | | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | | |

Leyenda: CR – Correct Responses, Kulay asul – Pinakamababa, Kulay dalandan – Pinakamataas

Sa talahanayan 2.1 sa paunang pagsusulit ng ikalawang pangkat, tanging ang paksang Modal ang napabilang sa Paglipat Patungo sa Masteri (*Moving Toward Mastery o Below Standard*) na may 73.4 *percentage score*. Parehong Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) ang apat na paksa: Ang Tanka at Haiku ng Japan, Ponemang Suprasegmental, Pabula ng Korea at Elemento ng Dula na may *percentage scores* na 77.35, 75.5, 76.55 at 76.20. Ang pinakamataas na porsyentong nakuha ng mga respondente ay makikita sa paksang may kinalaman sa Ang Tanka at Haiku ng Japan na may pitumpu't pito punto tatlumpu't limang porsyento o (77.35%). Samantalang ang pinakamababang porsyentong nakuha ng mga respondente ay makikita sa paksang may kinalaman sa Modal na pitumpu't tatlo punto apat na porsyento o (73.4%).

Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) ang *overall mean percentage score* na 75.8 ng ikalawang pangkat sa paunang pagsusulit o *pre-test.*

Makikita sa talahanayan 2.2 ang resulta sa pangwakas na pagsusulit sa ikalawang pangkat sa limang paksang napapaloob sa ikalawang markahan sa pangwakas na pagsusulit o *post-test* matapos magamit ang SIM. Tatlong paksa ang napabilang sa performans deskripsyon na Malapit sa Tinatayang Masteri o (*Closely Approximating Mastery*). Napabilang dito ang Ang Tanka at Haiku ng Japan na may 87.4 *percentage score*, 91. 25 *percentage* naman ang Modal at 94.05 *percentage* naman ang Elemento ng Dula. Napabilang naman sa Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) ang dalawang paksa, Ponemang Suprasegmental na may 79 *percentage score* at 80.05 *percentage* ang Pabula ng Korea. Ang pinakamataas na porsyentong nakuha ng mga respondente ay makikita sa paksang may kinalaman sa Elemento ng Dula na may siyam na put apat punto sero limang porsyento o (94.05%). Samantalang pumapanglawa ang paksang Modal sa pinakamataas na porsyentong nakuha ng mga respondente na may siyam na put isa punto dalawamput limang porsyento o (91.25%).

**Talahanayan 2.2**

*Antas ng Akademikong Performans ng mga respondente sa Ikalawang Pangkat sa Filipino 9 sa Ikalawang Markahan batay sa Pangwakas na Pagsusulit o Post-test matapos magamit ang SIM*

| Paksa | Average Percentage (%) ng CR | Performans Deskripsyon | Confidence interval at $\alpha = .05$ | Ranggo | Rekomendasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang Tanka at Haiku ng Japan | 87.4 | Malapit sa Tinatayang Masteri (*Closely Approximating Mastery*) | (82.50, 92.30) | 3 | |
| Ponemang Suprasegmental | 79.0 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (74.20, 83.20) | 1 | Pagpapayaman (*Enrichment*) |
| Modal | 91.25 | Malapit sa Tinatayang Masteri (*Closely Approximating Mastery*) | (86.65, 95.85) | 4 | |
| Pabula ng Korea | 80.05 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (75.29, 84.81) | 2 | Pagpapayaman (*Enrichment*) |
| Elemento ng Dula | 94.05 | Malapit sa Tinatayang Masteri (*Closely Approximating Mastery*) | (89.43, 98.67) | 5 | |
| | | Malapit sa Tinatayang Masteri (*Closely Approximating Mastery*) | | | |

| MPS | Deskripsyon | Rekomendasyon |
|---|---|---|
| 96-100 | Bihasa (*Mastered*) | |
| 86-95 | Malapit sa Tinatayang Masteri (*Closely Approximating Mastery*) | |
| 75-85 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | Pagpapayaman (*Enrichment*) |
| 66-74 | Paglipat Patungo sa Masteri (*Moving Toward Mastery/Below Standard*) | Remidyal (*Remediation*) |
| 35-65 | Mababang Istandard (*Low/ Below Standard*) | Masinsinang Remidyal (*Intensive Remediation*) |
| 0-34 | Pinakamababa (*Poor/ Very Low*) | Muling Pagtuturo (*Re-Teaching*) |

Ang *mean score* ay 86.35 *percentage* sa kabuuang antas ng akademikong performans ng ikalawang pangkat sa *post-test* ay may deskripsyong- Malapit sa Tinatayang Masteri o (*Closely Approximating Mastery*) ay lagpas pa sa istandard average na 75% batay sa DepEd Order No. 8 s. 2015 *Policy Guidelines on Classroom Assessment for the K to 12 Basic Education Program.*

Ang talahanayan 3 ay kakikitaan ng mga Antas ng Akademikong Performans ng mga respondente sa Ikatlong Pangkat sa Filipino 9 sa Ikalawang Markahan batay sa paunang pagsusulit o *pre-test* bago magamit ang SIM at pangwakas na pagsusulit o *post-test* matapos magamit ang SIM.

Makikita sa talahanayan 3.1 ang antas ng akademikong performans ng mga respondente sa ikatlong pangkat sa limang paksang napapaloob sa ikalawang markahan sa paunang pagsusulit o *pre-test* bago magamit ang SIM. Sa limang paksang nailahad, apat ang napabilang sa performans deskripsyon na Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*). Kabilang na dito ang Ang Tanka at Haiku ng Japan na may 80.33 *percentage score*, 75.5 *percentage* ang paksang Ponemang Suprasegmental, Pabula ng Korea ay 75.15 *percentage* at Elemento ng Dula na may 80.4 *percentage score.* Tanging ang paksang Modal lamang ang may deskripsyon na Paglipat Patungo sa Masteri (*Moving Toward Mastery/Below Standard*) na may *percentage score* na 74.2. Ang pinakamataas na porsyentong nakuha ng mga respondente ay makikita sa paksang may kinalaman sa Elemento ng Dula na may walumpu punto apat na porsyento o (80.4%). Samantalang ang pinakamababang porsyentong nakuha ng mga

respondente ay makikita sa paksang may kinalaman sa Modal na na pitumpu't tatlo punto apat na porsyento o (74.2%).

**Talahanayan 3.1**
*Antas ng Akademikong Performans ng mga respondente sa Ikatlong Pangkat sa Filipino 9 sa Ikalawng Markahan batay sa Paunang Pagsusulit o Pre-test bago magamit ang SIM*

| Paksa | Average Percentage (%) ng CR | Performans Deskripsyon | Confidence interval at $\alpha = .05$ | Ranggo |
|---|---|---|---|---|
| Ang Tanka at Haiku ng Japan | 80.33 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (75.45, 85.21) | 4 |
| Ponemang Suprasegmental | 75.5 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (70.77, 80.33) | 3 |
| Modal | 74.2 | Paglipat Patungo sa Masteri (*Moving Toward Mastery/Below Standard*) | (69.44, 78.96) | 1 |
| Pabula ng Korea | 75.15 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (70.25, 80.05) | 2 |
| Elemento ng Dula | 80.4 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (75.58, 85.22) | 5 |
| | | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | | |

Leyenda: CR – Correct Responses, Kulay asul – Pinakamababa, Kulay dalandan - Pinakamataas

Ang *mean score* na 77.12 *percentage* sa kabuuang antas ng akademikong performans ng ikatlong pangkat sa *pre-test* ay napabilang sa performans deskripsyon na Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*).

**Talahanayan 3.2**
*Antas ng Akademikong Performans ng mga respondente sa Ikatlong Pangkat sa Filipino 9 sa Ikalawang Markahan batay sa Pangwakas na Pagsusulit o Post-test matapos magamit ang SIM*

| Paksa | Average Percentage (%) ng CR | Performans Deskripsyon | Confidence interval at $\alpha = .05$ | Ranggo | Rekomendasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang Tanka at Haiku ng Japan | 88.45 | Malapit sa Tinatayang Masteri (*Closely Approximating Mastery*) | (83.55, 93.35) | 3 | |
| Ponemang Suprasegmental | 79.35 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (83.55, 93.35) | 1 | Pagpapayaman (*Enrichment*) |
| Modal | 91.96 | Malapit sa Tinatayang Masteri (*Closely Approximating Mastery*) | (87.12, 96.80) | 4 | |
| Pabula ng Korea | 84.25 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (79.47, 89.03) | 2 | Pagpapayaman (*Enrichment*) |
| Elemento ng Dula | 94.4 | Malapit sa Tinatayang Masteri (*Closely Approximating Mastery*) | (89.52, 99.28) | 5 | |
| | | Malapit sa Tinatayang Masteri (*Closely Approximating Masery*) | | | |

| MPS | Deskripsyon | Rekomendasyon |
|---|---|---|
| 96-100 | Bihasa (*Mastered*) | |
| 86-95 | Malapit sa Tinatayang Masteri (*Closely Approximating Mastery*) | |
| 75-85 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | Pagpapayaman (*Enrichment*) |
| 66-74 | Paglipat Patungo sa Masteri (*Moving Toward Mastery/Below Standard*) | Remidyal (*Remediation*) |
| 35-65 | Mababang Istandard (*Low/ Below Standard*) | Masinsinang Remidyal (*Intensive Remediation*) |
| 0-34 | Pinakamababa (*Poor/ Very Low*) | Muling Pagtuturo (*Re-Teaching*) |

Ipinakikita sa talahanayan 3.2 ang antas ng akademikong performans ng mga respondente sa ikatlong pangkat sa limang paksang napapaloob sa ikalawang markahan sa pangwakas na pagsusulit o *post-test* matapos magamit ang SIM. Ang mga paksang Ang Tanka at Haiku ng Japan, Modal, at Elemento ng Dula ay parehong napabilang sa performans deskripsyon na Malapit sa Tinatayang Masteri (*Closely Approximating Mastery*). Ang *average percentage* scores nila ay 88.45, 91.96 at 94.4. Ang pinakamataas na porsyentong nakuha ng mga respondente ay makikita sa paksang may kinalaman sa Elemento ng Dula na may siyamnapu't apat punto apat na porsyento o (94.4%). Samantalang pumapangalawa ang paksang Modal sa pinakamataas na porsyentong nakuha ng mga respondente na may siyam napu't isa punto siyam napu't anim na porsyento o (91.96%).

Ang *mean score* na 87.68 *percentage* sa kabuuang antas ng akademikong performans ng ikatlong pangkat sa *post-test* ay may deskripysong- Malapit sa Tinatayang Masteri o (*Closely Approximating Mastery*). Maiuugnay ito sa pag-aaral ni Rodrigo, R.T. (2015) na mahalaga ang paggamit ng SIM dahil hinahasa nito ang kasanayan at pinatataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa bawat asignatura na siyang mapatutunayang nakita rin ang resulta ng pangwakas na pagsusulit *post-test* sa paksang Modal na ginawang SIM.

Ang talahanayan 4 ay kakikitaan ng mga Antas ng Akademikong Performans ng mga respondente sa Ikaapat na Pangkat sa Filipino 9 sa Ikalawang Markahan batay sa paunang pagsusulit o p*re-test* bago magamit ang SIM at pangwakas na pagsusulit o *post-test* matapos magamit ang SIM.

**Talahanayan 4.1**

*Antas ng Akademikong Performans ng mga respondente sa Ikaapat naPangkat sa Filipino 9 sa Ikalawang Markahan batay sa Paunang Pagsusulit o Pre-test bago magamit ang SIM*

| Paksa | Average Percentage (%) ng CR | Performans Deskripsyon | Confidence interval at $\alpha = .05$ | Ranggo |
|---|---|---|---|---|
| Ang Tanka at Haiku ng Japan | 66.02 | Paglipat Patungo sa Masteri (*Moving Toward Mastery/Below Standard*) | (83.55, 93.35) | 2 |
| Ponemang Suprasegmental | 75.12 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (74.58, 84.12) | 3 |
| Modal | 64.05 | Paglipat Patungo sa Masteri (*Moving Toward Mastery/Below Standard*) | (87.12, 96.80) | 1 |
| Pabula ng Korea | 75.20 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (79.47, 89.03) | 4 |
| Elemento ng Dula | 76.1 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (89.52, 99.28) | 5 |
| | | Paglipat Patungo sa Masteri (*Moving Toward Mastery/Below Standard*) | | |

Leyenda: CR – Correct Responses, Kulay asul – Pinakamababa, Kulay dalandan - Pinakamataas

Makikita sa talahanayan 4.1 ang dalawang paksang may performans deskripsyon na Paglipat Patungo sa Masteri *(Moving Toward Mastery/Below Standard*) ang Tanka at Haiku ng Japan na may 66.02 *percentage score* at 64.05 *percentage* sa Modal. Napabilang naman sa performans deskripsyon na Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) ang mga paksang Ponemang Suprasegmental, Pabula ng Korea at Elemento ng Dula na may *percentage scores* na 75.12, 75.20 at 76.1. Pinakamababa ang antas ng performans ng paksang Modal sa ikaapat na pangkat.

Ang *mean percentage score* na 71.26 sa kabuuang antas ng akademikong performans ng ikaapat na pangkat sa *pre-test* ay napabilang sa Paglipat Patungo sa Masteri (*Moving Toward Mastery/Below Standard*).

Sa talahanayan 4.2 ipinakita ang antas ng akademikong performans ng mga respondente sa ikaapat na pangkat sa limang paksang napapaloob sa ikalawang markahan sa pangwakas na pagsusulit o *post-test* matapos magamit ang SIM. Lahat ng paksa na sinagutan ng dalawampu't limang (25) mag-aaral sa ika – 9 na baitang ay napabilang sa performans deskripsyon na Nakatugon sa Istandard (Meeting Standard). Nakakuha ng 84.08

percentage ng *correct responses* ang paksang Ang Tanka at Haiku ng Japan, 76.9 *percentage* naman ang Ponemang Suprasegmental, 77.0 *percentage* ang Modal, 83.9 *percentage* ang Pabula, at 86.4 percentage ang Elemento ng Dula.

**Talahanayan 4.2**

*Antas ng Akademikong Performans ng mga respondente sa Ikaapat na Pangkat sa Filipino 9 sa Ikalawang Markahan batay sa Pangwakas na Pagsusulit o Post-test matapos magamit ang SIM*

| Paksa | Average Percentage (%) ng CR | Performans Deskripsyon | Confidence interval at $\alpha = .05$ | Ranggo | Rekomendasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang Tanka at Haiku ng Japan | 84.08 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (79.18, 88.98) | 4 | Pagpapayaman (*Enrichment*) |
| Ponemang Suprasegmental | 76.9 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (72.18, 81.70) | 1 | Pagpapayaman (*Enrichment*) |
| Modal | 77.0 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (72.11, 81.89) | 2 | Pagpapayaman (*Enrichment*) |
| Pabula | 83.9 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (78.99, 88.81) | 3 | Pagpapayaman (*Enrichment*) |
| Elemento ng Dula | 84.6 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | (79.69, 89.51) | 5 | Pagpapayaman (*Enrichment*) |
| | | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | | | Pagpapayaman (*Enrichment*) |

| MPS | Deskripsyon | Rekomendasyon |
|---|---|---|
| 96-100 | Bihasa (*Mastered*) | |
| 86-95 | Malapit sa Tinatayang Masteri (*Closely Approximating Mastery*) | |
| 75-85 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | Pagpapayaman (*Enrichment*) |
| 66-74 | Paglipat Patungo sa Masteri (*Moving Toward Mastery/Below Standard*) | Remidyal (*Remediation*) |
| 35-65 | Mababang Istandard (*Low/ Below Standard*) | Masinsinang Remidyal (*Intensive Remediation*) |
| 0-34 | Pinakamababa (*Poor/ Very Low*) | Muling Pagtuturo (*Re-Teaching*) |

Ang *mean score* na 81.30 *percentage* sa kabuuang antas ng akademikong performans ng ika-apat na pangkat sa *post-test* ay may deskripsyong- Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*).

Ang talahanayan 5 ay kakikitaan ng mga Antas ng Akademikong Performans ng mga respondente sa apat na pangkat sa Filipino 9 sa Ikalawang Markahan batay sa paunang pagsusulit o *pre-test* bago magamit ang SIM at pangwakas na pagsusulit o *post-test* matapos magamit ang SIM.

Ipinakita sa datos sa paunang pagsusulit, ang mga respondente ng unang pangkat ay nakakuha ng *mean percentage score* na 72.75 na naging 83.42 pagdating sa panapos na pagsusulit na may performans deskripsyon na Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*). Sa ikalawang pangkat naman, ang *mean percentage score* na 75.8 sa paunang pagsusulit ay naging 86.35 sa panapos na pagsusulit. Sa ikalawang pangkat naman, nakakuha ang mga respondente ng 75.8 *mean percentage score* na naging 86.35 sa panapos na pagsusulit at Malapit sa Tinatayang Masteri o (*Closely Approximating Mastery*) ang performans deskripsyon. Sa ikatlong pangkat ay may *mean percentage score* na 77.12 sa paunang pagsusulit na tumaas at naging 87.68 sa panapos na pagsusulit. Ito ay may performans deskripsyon na Malapit sa Tinatayang Masteri o (*Closely Approximating Mastery*). Sa ikaapat na pangkat naman ang mga respondente ay nakakuha ng 71.26 na *mean percentage score* sa paunang

pagsusulit at naging 81.30 na sa panapos na pagsusulit na may deskripsyong- Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*). Ang *mean score* sa paunang pagsusulit o *pre-test* bago magamit ang SIM ay 74.23 na may deskripsyong- Paglipat Patungo sa Masteri (*Moving Toward Mastery/Below Standard*). Samantala, ang *mean score* sa pangwakas na pagsusulit o *post-test* matapos magamit ang SIM ay 84.69 na may deskripsyong- Nakatugon sa Istandard *(Meeting Standard*). Makikita na tumaas ang *mean score* ng mga respondente matapos magamit ang SIM Modal sa pag-aaral na ito na mataas sa istandard average na 75% batay sa DepEd Order No. 8 s. 2015 *Policy Guidelines on Classroom Assessment for the K to 12 Basic Education Program*. Kaugnay ito sa ipinakita sa isinagawang pag-aaral ni Pasion (2019) na pinamagatang "*The Efficacy of Strategic Intervention Materials (SIM) in Teaching Social Studies Among Third Year High School Student*" na may pagtaas sa antas ng performans ng mga mag-aaral pagkatapos magamit ang SIM mula sa *poor overall mean percentage score* na 47.10 ay naging *satisfactory* na 82.04 *total mean percentage score*.

**Talahanayan 5**

*Antas ng Akademikong Performans ng mga respondente sa Apat na Pangkat sa Filipino 9 sa Ikalawang Markahan batay Paunang Pagsusulit o Pre-test bago magamit ang SIM at Pangwakas na Pagsusulit o Post-test matapos magamit ang SIM*

| Pangkat | *Pre-test Mean Percentage Score* | Performans Deskripsyon | *Post test Mean Percentage Score* | Performans Deskripsyon |
|---|---|---|---|---|
| Una | 72.75 | Paglipat Patungo sa Masteri (*Moving Toward Mastery/Below Standard*) | 83.42 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) |
| Ikalawa | 75.8 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | 86.35 | Malapit sa Tinatayang Masteri (*Closely Approximating Mastery*) |
| Ikatlo | 77.12 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | 87.68 | Malapit sa Tinatayang Masteri (*Closely Approximating Mastery*) |
| Ikaapat | 71.26 | Paglipat Patungo sa Masteri (*Moving Toward Mastery/Below Standard*) | 81.30 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) |
| | | Paglipat Patungo sa Masteri (*Moving Toward Mastery/Below Standard*) | | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) |

| MPS | Deskripsyon | Rekomendasyon |
|---|---|---|
| 96-100 | Bihasa (*Mastered*) | |
| 86-95 | Malapit sa Tinatayang Masteri (*Closely Approximating Mastery*) | |
| 75-85 | Nakatugon sa Istandard (*Meeting Standard*) | Pagpapayaman (*Enrichment*) |
| 66-74 | Paglipat Patungo sa Masteri (*Moving Toward Mastery/Below Standard*) | Remidyal (*Remediation*) |
| 35-65 | Mababang Istandard (*Low/ Below Standard*) | Masinsinang Remidyal (*Intensive Remediation*) |
| 0-34 | Pinakamababa (*Poor/ Very Low*) | Muling Pagtuturo (*Re-Teaching*) |

Ang talahanayan 6 ay kakikitaan ng makabuluhang pagkakaiba sa Antas ng Akademikong Performans ng mga respondente sa apat na pangkat sa Filipino 9 sa ikalawang markahan batay sa paunang pagsusulit o *pre-test* bago magamit ang SIM at pangwakas na pagsusulit o *post-test* matapos magamit ang SIM.

Ipinakikita sa talahanayan 6 ang mga datos sa paunang pagsusulit o *pre-test* at pangwakas na pagsusulit o *post-test* ng apat na pangkat. Ipinakikita rin ang *p-values* sa apat na pangkat sa Ikalawang markahan na mas mababa kaysa sa 0.05 *level of significance* kung kayat tinanggihan ang Ho, bagkus may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng resulta sa paunang pagsusulit o *pre-test* bago magamit ang SIM at pangwakas na

pagsusulit o *post-test* matapos magamit ang SIM. Ang pag-aaral na ito ay napatunayang epektibo dahil nakikita ang pagtaas ng kanilang antas ng pagkatuto matapos magamit ang SIM na nakabatay sa *least mastered competency* ng mga paksa sa Ikalawang markahan. Ang mga resulta ng *post-test* ay ang malinaw na ebidensya na ang mga mag-aaral na tinuruan gamit ang SIM ay may makabuluhang performans na nagpataas sa antas ng kanilang pag-unawa sa mga paksang tinalakay.

**Talahanayan 6**

*Makabuluhang pagkakaiba sa antas ng Akademikong Performans ng mga respondente sa apat na pangkat sa Filipino 9 sa Ikalawang markahan batay sa mga paunang pagsusulit o pre-test bago magamit ang SIM at pangwakas na pagsusulit o post-test matapos magamit ang SIM*

| Pangkat | *Pre-test Mean Percentage Score* | *Post test Mean Percentage Score* | *p-value at α=.05* | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| Una | 72.75 | 83.42 | 0.00 | Makabuluhan |
| Ikalawa | 75.8 | 86.35 | 0.005 | Makabuluhan |
| Ikatlo | 77.12 | 87.68 | 0.039 | Makabuluhan |
| Ikaapat | 71.26 | 81.30 | 0.00 | Makabuluhan |

## 4. Kongklusyon at Rekomendasyon

Ang paggamit ng *Strategic Intervention Material* (SIM) ay may makabuluhang epekto sa pagkatuto ng mga respondente sa Filipino 9 ng isa sa Mataas na Paaralan sa Bais City. Batay sa mga natuklasan, ang mga sumusunod na konklusyon ang nabuo: Sa panahon ng COVID 19 hindi naging madali ang pagkatuto ng mga respondente. Nahirapan sila sa mga paksa lalong lalo na sa gramatika. Malaki ang naitulong ng SIM dahil sa nahasa nito ang *least mastered competency* na hindi masyadong nakuha sa klase. Walang pokus sa binasa ang isa sa mga dahilan sa pagkuha ng mababang iskor sa pagsubok. Ang pagbasa ng walang komprehensyon ay nakaapekto sa pagkatuto ng mga respondente. Naging mahirap sa mga respondenteng intindihin ang mga paksa dahil sa walang gurong nagpapaliwanag sa aralin. Apektado ang kanilang pagkatuto. Ang paggamit ng SIM ay malaking tulong sa kanila dahil sa ginawa itong simple at klaro. Batay sa antas ng akademikong performans sa apat na pangkat sa pauna at pangwakas na pagsusulit, lumitaw na tumaas ang antas ng pagkatuto ng mga respondente sa pangwakas na pagsusulit matapos magamit ang SIM. Patunay nito ang pagtaas ng Mean Percentage Score sa pangwakas na pagsusulit sa apat na pangkat. Ang makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga mag-aaral sa *pre-test at post-test* ay dulot ng mabisang paggamit ng SIM ng guro bilang kagamitan sa pagkakaroon ng *Intervention Program* sa Filipino 9 sa paksang may pinakamababang lebel ng performans na nakapaloob sa Ikalawang Markahan. Dahil dito, tumataas ang resulta ng mga respondente sa pasulit.

Batay sa kinalabasan at konklusyon ng pag-aaral, nabalangkas ng mananaliksik ang mga sumusunod na rekomendasyong maaaring gawin sa ganitong pag-aaral bilang pagpapatuloy ng ibang mananaliksik: Panatilihin ng mga guro na makapagbigay ng paunang pagsusulit o *pre-test* upang matukoy ang *least mastered competency*. Sa ganitong paraan matutukoy ang mga nabanggit sa pagbuo ng SIM na tutugon sa pagpapataas sa antas ng pagkatuto matapos nito ibigay ang *post-test*. Hikayating suriin ng mga guro ang resulta sa ibinigay na pauna at pangwakas na pagsusulit nang sa gayon ay matukoy kung may makabuluhang pagtaas sa antas ng pagkatuto gamit ang SIM. Bigyang pokus ng mga guro ang paksa at kompetensi sa Filipino 9 na mababa ang resulta sa paunang pagsusulit sa ibang markahan sa buong Taong panuruan. Nararapat na isaalang-alang ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ang pagsasagawa ng mga pagsasanay, seminar-worksyap para makagawa ng karagdagang materyal, oryentasyon at ang tamang paggamit ng SIM. Tiyakin ng mga guro na makabuo ng SIM sa mga paksang may *least mastered competency* sa layuning matugunan ang kahinaan o kakulangan sa kompetensi sa mga paksang-araling natukoy. Magsagawa ng isang kaugnay na pag-aaral upang mapagtibay ang bisa ng SIM sa ibang antas sa asignaturang Filipino sa *Junior High School* (gaya ng Filipino 7, 8 at 10).

## 5. Talasanggunian

Bunagan, F. (2012). Strategic Intervention Material. Retrieved June 12, 2017, from https://www.slideshare.net/felixbunagan/strategic-intervention-aterial

Dacumos, L. (2016). Perspective of secondary teachers in the utilization of science strategic intervention material (SIM) in increasing learning proficiency of students in science education. AsTEN Journal of Teacher Education, 1(2). http://po.pnuresearchportal.org/ejournal/inde.php/asten/article/view/293

Department of Education (DepEd). (2005, April 13). DepEd Memorandum No. 117, series 2005. https://www.deped.gov.ph/2005/04/13/april-13-2005-dm-117-s-2005-training-workshop-on-strategic-interventions-for-successful-learning/

Department of Education (DepEd). (2012, May 11). Policy Guidelines on Addressing Learning Gaps and Implementing a Reading and Writing Program in Secondary Schools Effective

School Year 2012-2013 [DepEd Order No. 39, s. 2012]. Retrieved from https://www.deped.gov.ph/2012/05/11

Department of Education (DepEd). (2015, April 1). Policy Guidelines on Classroom Assessment for the K to 12 Basic Education Program [DepEd Order No. 8, s. 2015]. Retrieved from https://www.deped.gov.ph/

Dimaiwat, R. J. G. (2022). Intervention material for least learned competencies in selected topics in Physics 10. *International Journal of Research Publications*, 104(1), 499-504.

Dodd, A. R. (2015). The use of supplementary materials in English foreign language classes in Ecuadorian secondary schools. English Language Teaching, 8(9). 187-195. http://www.ccsenet.org/journal/index.php./elt/article/viewFile/5

Gersten, R., Compton, D., Haymond, K., & Dimino, J. (2019). A meta-analysis of the effects of strategic intervention material (SIM) interventions on mathematics achievement. *Educational Psychology Review, 31*(1), 269-306.

Gregorio, F. H. S. (2024, August 1). Utilization of Strategic Intervention Material (SIM) in teaching biology. Pedagogy Review: An International Journal of Educational Theories, Approaches and Strategies, 3(1), 1-8. https://doi.org/10.62718/vmca.pr-ijetas.3.1.SC-0724-008

Pasion, R. (2019, January). The Efficacy of Strategic Intervention Materials (SIMS) in Teaching Social Studies Among Third Year High School Students. https://www.researchgate.net/publications/335497326

Rodrigo, R. T. (2015, October 12). Importance of Strategic Intervention Material [Report]. Limay Elementary School, Limay, Bataan. Retrieved from https://idoc.pub/documents/importance-of-strategic-intervention-materials-d4pqdzrvxvnp

Vygotsky, L. S. (1978). Mind in society: The development of higher psychological processes. Harvard University Press.